MANGÁ TULA ni Adíng Kiko, dps

PAUPAHANG BÁHAY
(kalipunan ng mangá Haiku)
Adíng Kiko, dps

Gagambang báhay,
Sinasaputang uhay.
Nagbagong búhay.

Mahimbing, tulog.
Payapa sa palayang
Dugo at pawis.

Pinapalakol:
Umiiyak ng dugo,
Punong milenyum.

Punong kay taas,
Kapag nilalagare'y
Maitutumba.

Bulawang dahon,
S'yang lumilipad-lipad
–lakbay-diwa.

Luha ng Inang,
Kinalbong kagubatan,
Baha at init.

Biglang sumulpot,
Kumukutikutitap

–kabuteng lason.

Namumukadkad,
Bulaklak sa kalansay.
Binagong búhay.

Madilim, langit.
Marubdob na damdami'y
Ikinukulog.

Wag manlupaypay,
Mangá dahong bulawan.
Heto, pamaypay.

Dahon sa ulap.
Usok sa alapaap
At alitaptap.

Pasayaw-sayaw.
Gumuhit, bulalakaw.
Daho'y nauhaw.

Luha s'yang ambon.
Estero: “Aking ampon,
Báhay ko'y kapon.”

“Bawal, tambay d'to.”
Wikang masigasig ng
Manggang kulubot.

Lo, umuungol
'Kong lipas sa panahon

−mangá panahon.

Epoch ng plastik.
Planeta sa kawalan
Kung ako, kulang.

Luluha, Araw.
Apoy, kaniyang poot
Sa Reynang Buwan.

Kinakapos ng
Hininga, lupang tigang
Sa luha't pawis.

Kay Lolong baul
−‘binubuklat na kaho’y
Katawang hubad.

Pumutok, bulkan
−laplapang Eba't Adan.
Usok sa langit.

Wika ng tiktik:
“Tinamaan ng lintik,
Pangit na itik.”

Humihikab ay
Damong inalikabok.
Ihi, pandilig.

Listang kay liit;
Iniiwasang pilit,
Dahon ni Judith.

Daho'y dumating
Reynang Buwa'y nagwika:
“Pambayad-utang.”

Bibig, tinastas.
Dilang iniwasiwas,
Undin, matatas.

GORLOCK
Adíng Kiko, dps

Bukás, pintô ng aparador.
Sa loób nito ay naka-hanger,
Orange polo shirt.
Bukás, bintanà.
Sinasayaw-sayawan ito
Ng kurtínang pinaiitim
Ng alikabók at mainit-init
Na usok na iniluluwa ng bintanàng
Hinahalik-halikan ng kurtína.
Iginuguhit ng aníno ay isang ulo
(Kung kaniyang tawagin)
—aníno ng ulong walang kahit ni isang
Hibla ng buhok;
Aníno ng ulong may tukâ.
Mainit-init, hanging inihihinga ng bintanà.

Ika-25 ng Marso, 2020
Ortigas Complex
Lungsód Ng Pasig

NAKAPANINIBAGONG SIYUDAD NATIN

KAHIT na mura na siyang gasolina, maaari naman tayong magbisikleta kung itatawid ng gútom siyang ating sikmura. Ganoon tayo katipid sa ating panahon. Pilay tayong inilalampaso itong likod nang makarating nawa sa ayuda, walang mararating na ambulansiya, siya ngang lumpong di makalalarga. Ganoon tayong kulang-kulang. Inabutan tayo ng ambón. Tinangay ng malakas na hangin ng bagyo—sapsap kundi sipsip tayong sinisipsip siyang dugo ng may dugo. Ganoon nang mabúhay. Sa ating panahon kinalawang silang bakal ng dating panahon.
Hindi masamang pumaslang sa ating panahon. Hindi din kasalanang pumaslang ng ating panahon. Sa ganitong tula:

Unang daluyong
Silang kúyog
Ng mangá bulawang dáhon.
Bumubugang luntiang hangin,
Siyang inihahampas
Sila
Sa sementadong kalsadang sinasagasaan,
At ginagahis
Ng pira-pirasong guhit
Na siyang liyab
Ng Haring Araw.

Kung tayo ay tumutula sa ating panahon, doon tayo sa hindi matáo sapagkat hindi tayo papalakpakan, kundi ay sasalubungin ng sirena at siyokoy siyang ating pagtula.
Sa lalong madaling salita ay ganitong-ganitong síntomás silang namumukadkad sa hardin na tumubo sa ating pagkakapal na pagmumukha. Tayo ay siyang suwail at lapastangan—ganoon sa ating panahon—nagmumura at walang pagmamahal sa isa't-isa.

DISKARIL SA ATING HINAHARAP

HINAHARAP NATIN ang mangá nagtutulakan sa loob ng tren. Sa isang iglap ay nahahawa ang mangá nagtutulakan kasama ang mangá iba pang táo sa kanilang paligid. Sa madaling salita ay nahahawa silang lahat kahit na nasa anim na talampakang distansya mula sa nagtutulakan.
Ganoon din ang nagiging kapalaran nilang mangilan-ngilang nasa mangá bangko, groseri, at palengke—kikilalanin nila ang kanilang mangá sarili bilang mangá bagong bayani. Ayon sa kanila, bilang mangá bagong bayani, sumasakanila ang pribilehiyong maupo sa salumpuwet na para sa mangá senior citizens, pregnant women at persons with disability.
Ganoon kataas ang kanilang nagiging antas na sila-sila din naman ang kumikilala, kung kaya ay tinatanggihan nila ang mangá food stubs sapagkat hindi nakakain kagaya ng salaping papel, tanso, at bato.
Hindi sila ganoon noon o sa kasalukuyan, kundi ay ganoon na sila sa ating hinaharap—namamatay silang dilat sa kahihintay ng ayuda habang nakatatanggap naman ng ayuda ang mangá patay.
Dati-rati na naman tayong dapat ay nagtatakip ng bibig sa tuwing umuubo o bumabahing; dati-rati na tayong naghuhugas ng kamay bagupaman at pagkatapos kumain; dati-rati nang nirerespeto ang espasyo ng bawat isa, kápuwâ-táo man, kahayupan o mangá punò at halaman—walang nagbago, maliban sa paunti-unti nating nilalamon ang ating mangá sarili, kasangkapan ng sarili nating karimlan.

Adíng Kiko, dps
Ika-30 ng Mayo, 2020
Lungsód Ng Maynila

RESETA
mga pagsusuri
ni D

Unang Pagsusuri

Sapin-saping buntonghininga sa mala-bulawang hardin.
Sinisiga ay ilang upos na basyo ng sigarilyo
—ilang basyong nagtatago sa lupang tigang.
Kalayaan, kasarinlan, independencia.
Ilang ulit sinasagasaan ng mga panahon
ang bayan ng San Lorenzo
matapos huling bumisita ang tala
na malimit magpakinang
sa aming baryo.
At noo'y binansagan kaming
mga makata sa lipunan ng bukang-liwayway
sa kabila ng aming kapansana't karamdaman.
Kami daw ay mga makata
at kami ay nagalak dahil sa kaming naging kapakipakinabang.
Pero, iba na ngayon.
Kung dati-rati ay di kami iba sa sarili naming bayang mahal,
ngayo'y banyaga na ang turing sa amin ng lipunan.
Mga diyos na daw ang pagkakilala namin sa aming mga sarili't
napapaibabaw na sa mga tala ang aming mga paninindigan.
At kami'y pinaslang ng katahimikan,
di mabilang na mga panahon ng katahimikan.
May lunas din pala ang ilang malalang karamdaman
sa tuwing nadirinig namin ang tunog mula sa rondalya.
Nadarama ang pagyanig ng paligid
nang dahil sa mga ugong ng banda
at iba pang may kinalaman sa mga awitin
at samot-saring mga instrumento ng sarisaring musika
na wari ay mala-paskong eksena ang galian sa may Tahian.

Pangalawang Pagsusuri

Sa panagimpan dumungaw ang pangarap:
kumukutikutitap na mga diyamante sa langit,
hinahayaan ang pagbuhos ng ulan,

bumubuhos ang higit sanlibong panagimpan.
Sa bukás na bintanà ay may gagambang báhay,
bukás kahit sa paniking nawalan ng kuweba.
Mabuti pa ang báhay ng sa gagamba,
di na kailangan umiyak ng dugo
ang pinapalakol na punong milenyum.
Ayon sa iilang eksperto, ang edad ay may apekto sa paningin.
Ang paningin ay may kakayahang humubog ng pagtingin
sa mga bagay-bagay. Nang dahil sa pagtingin
kung kaya naman ang iba sa atin ay buháy, at
ang iba ay di na humihinga pa.
Mahalaga na mapanatili natin na buháy ang ating sarili,
sa kadahilanang may ilaw ang búhay
na may kakayahang bigyan ng linaw
ang ating paningin—ang linaw na ito ay ang siya mismong
nagpapaliwanag ng iilang paningin.
Imbes na dukutin ayon sa sinaunang karunungan, ay
kagustuhan natin na panatilihing gumagana ang ating
makasalanang mga mata, dahil naniniwala tayo
na ang mga pirasong ito ay mga biktima lamang.
Di sila ang tunay na may sála.
Ang may kagagawan ay nagbabalatkayo
sa iilan sa atin; binulag ang iilan sa atin dahil
may kapangyarihan ang iilan sa kanila
at may kakayahan ang iilan sa kanilang mga makapangyarihan.
Masaklap nito'y higit pa sila sa mga biktima.
Titipa nang titipa sa bawat butil ng rosaryo.
Dadalawin ng insomya kagaya kagabi
kagaya kagabi
kagaya kagabi
kagaya kagabi
kagaya kagabi
kagaya kagabi
kagaya kagabi.
Istetoskop sa kamilya.
Sa kabila ay tigdas.
Sa katabi ay bulutong.
Sa katabi ng katabi ay ketong.
Sa katabi ng katabi ng katabi ay colored T.B.
Black and white sa color blind.
Mula sa kamilya ay di makita ng near-sighted
kung kaya sa MaMag malayang magasin
sumilip ng mapaglilibangan—horoscope—kanser.

Huling Pagsusuri

Fifo. Unang pumasok, unang lumabas.
Lifo. Huling pumasok, unang lumabas.
Higupin ang ubo, giít ng siít.
Unang hakbang, huling hakbang.
Sabayan ang tugtog ng harana

gamit ang mga bituka na siyang mga kuwerdas ng gitara.
Itong tula ay hinihingian ng larawan at edad.
Walang ibibigay na sariling larawan, o edad
dahil ito ang galit, ito ang pangamba.
May lunas man o wala ang karamdamang dinadala
—buhat, pasan, hila, bitbit, kipkip
—nandito ako sa tambayan.
Kagaya ng iba pang mga tambay
—nakahilera, nakatindig, naghihintay.
May sumitsit sa bandang gilid.
Sa may eskinita ang pagpupumilit.
Walang ibibigay na sariling karne—sariwa man o bilasâ.

Ika-12 ng Hunyo
Lungsód Ng Maynila

Bio Note

MAKATANG NOBELISTA si Adíng Kiko o Francis Gallano Delgado sa tunay na búhay. Unang edukasyon niya sa San Sebastian College – Recoletos de Manila, at University of Manila. Nang lumaon ay kumuha siya ng kurso sa batas at naging editorial staff sa isang student campus ministry newsletter at law journal. Naging honorary member ng lingguhang pahayagang pangkampus na Dawn, napiling makasama sa AILAP Writing Lab at nakapagtapos sa palihan ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA), at rehistrado bilang awtor/manunulat ng National Book Development Board (NBDB). Lumabas ang kaniyang mangá akda sa Dawn, at sa literary folionitong Dimension. Inilathala din,ang kaniyang mangá tula at katha, sa libreng tri-annually published na MaMag malayang magasin, at Dawn Poets Society quarterly literary journal, Artikulo Ko To! onlayn, Ovo | Zen, taunang Gawad Alagad Panitikan, at iba pang mangá akdang inilimbag sa tulong ng Tagak Series, at Centralbooks, Philippines Graphic, at Ani ng Cultural Center of the Philippines Intertextual Division. Ginagamitan ng mangá sagisag-panulat, ng nabanggit na awtor sa Tagalog na si Delgado, ang kaniyang mangá pampanitikang akda. Siya ay isa sa mangá alagad ng panitikang Filipino—tagapagturo, patnugot, mangangatha. Nag-aral siya ng kursong Malikhaing Pagsusulat sa Ateneo, at ng kursong Creative Writing sa La Salle.